



30 Disyembre 2018

Kapistahan ng Banal na Mag-anak

Taon K

Ang Hiwagang Dala ng Anak

Ang Kapistahan ng Banal na Mag-anak nina Hesus, Maria, at Jose ay ipinagdiriwang sa Linggong nasa pagitan ng Pasko at Bagong Taon. Ang anak ay regalo ng Diyos sa mag-asawa. Bawat regalo ng Diyos ay nababalot at nagdadala ng hiwaga.

Ito ang katotohanang kailangang harapin nina Maria at Jose nang nagpaiwan si Hesus sa Templo ng Jerusalem. Nagparamdam si Hesus na siya ay nababalot ng hiwagang kailangan nilang unawain at tanggapin.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Mga pastol nagsidalaw kay Hesus na bagong silang, nakahiga sa sabsaban, kapiling n'ya'y ang magulang na Maria't Joseng banal.

Pagbati

P—Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, na nagpapamalas ng hiwaga sa mag-anak, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B— At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P—Nagsasaya tayo sa pagsilang ng Panginoong Hesus at sa regalo ng Banal na Mag-anak. Pagsisihan natin ang ating mga pagkukulang sa ating sariling mag-anak. (Manahimik saglit.)

P—Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong balak na siyang ugat ng aming mag-anak, Panginoon, kaawaan mo kami

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Panginoong Hesus, para sa aming kahinaan ng pag-asa sa pagbabago at pag-unlad na maaari pang maganap sa aming mag-anak, Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami!

P—Para sa aming kakulangan ng pagmamahal para sa mga kaanib ng aming mag-anak, Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami!

P—Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen!

Papuri

B—Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, pinagkalooban mo kami ng ulirang huwaran ng angka, na sina Hesus, Maria at Jose, ang Mag-anak na banal. Sa pagtulad namin sa kanilang mabuting pag-susunuran kami nawa’y magkamit ng walang maliw na kaligayahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo mag-pasawalang hanggan.
B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Sir 3:2-6.12-14

Ang Aklat ni Sirac ay naglalaman ng karunungan ni Yeshua ben Eleazar ben Sira. Siya ay isang pantas sa Jerusalem na sumulat ng isa sa pinakamahabang aklat ng Biblia. Ito ay bunga ng kanyang pagninilay sa mga aklat ng Kautusan, ng mga Propeta, at ng mga Kasulatan. Ang ating sipi ay naglalaman ng kanyang mga payo para sa maayos na buhay-pamilya.

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Sirac

Ang mga ama ay binigyan ng Panginoon ng kapangyarihan sa mga anak, at iniutos niya na sundin ng mga anak ang kanilang ina. Ang gumagalang sa kanyang ama’y nagbabayad na sa kanyang kasalanan, at ang nagpaparangal sa kanyang ina’y parang nag-iimpok ng kayamanan. Ang gumagalang sa kanyang ama’y paliligayahin naman ng kanyang mga anak, at ang panalangin niya’y agad diringgin ng Panginoon. Ang nagpaparangal sa kanyang ama at nagdudulot ng kaaliwan sa kanyang ina, ay tumatalima sa Panginoon; pahahabain ng Diyos ang kanyang buhay. Anak, kalingain mo ang iyong ama pag siya’y matanda na, at huwag mo siyang dudulutan ng sama ng loob habang nabubuhay. Pagpaumanhinan mo siya kapag nanlalabo na ang kanyang isip; huwag mo siyang lalapastanganin ngayong nasa kasibulan ka na ng iyong lakas. Ang paglingap mo sa iyong ama ay di makakalimutan ng Panginoon, iyan ay magiging kabayaran sa iyong mga kasalanan.

Ang Salita ng Diyos!
B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 127

B–*Mapalad ang sumusunod na taong may takot sa D’yos!*

R. M. Velez

Ma-pa-lad ang su-mu-su-nod na
ta-ong may ta-kot sa D'yos!

* Mapalad ang bawat tao na sa Diyos ay may takot, ang maalab na adhika’y sumunod sa kanyang utos. Hindi siya magkukulang sa anumang kailangan, ang buhay ay maligaya’t uunlad ang kanyang buhay. **B**.

* Sa tahanan, ang asawa’y parang ubas na mabunga. Bagong tanim na olibo sa may dulang ang anak n’ya. **B**.

* Ang sinuman kung ang Diyos buong pusong susundin, buhay niya ay uunlad at laging pagpapalain. Mula sa Sion, pagpapala nawa ng Diyos ay tanggapin, at makita habang buhay, pag-uunlad ng Jerusalem. **B**.

Ikalawang Pagbasa Co 3:12-21

Ang liham na ito ay para sa isang pamayanang Kristiyanong itinatatag ni Epafras at kinabibilangan nina Filemon at Onesimo, mga kilalang Kristiyano sa Bagong Tipan. Ang ating sipi ay nagtuturo ng mga katangiang kailangang mamayani sa loob ng isang mag-anak na Kristiyano.

L–Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Colosas

Mga kapatid: Kayo’y hinirang ng Diyos, itinalaga para sa kanya at minamahal niya. Kaya’t dapat kayong maging mahabagin, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at matiisin. Magpaumanhinan kayo at magpatawaran kung may hinanakit kayo sa isa’t isa. Pinatawad kayo ng Panginoon kaya’t magpatawad din kayo. At higit sa lahat, mag-ibigan kayo pagka’t ito ang buklod ng ganap na pagkakaisa. At paghariin ninyo sa inyong puso ang kapayapaang kaloob ni Kristo, sapagkat ito ang dahilan kaya kayo tinawag upang maging bahagi ng isang katawan. Magpasalamat kayong lagi. Ang mga salita ni Kristo ay itanim ninyong mabuti sa inyong isip. Magpaalalahanan kayo

at magturuan nang buong kaalaman. Umawit kayo ng mga salmo, mga imno, at mga awiting espirituwal, na may pagpapasalamat sa Diyos. At anuman ang gagawin ninyo, maging sa salita o sa gawa, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Hesus, at sa pamamagitan niya’y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.

Mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa, sapagkat iyan ang kalooban ng Panginoon.

Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong asawa, at huwag silang pagmamalupitan.

Mga anak, sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagkat ikinalulugod iyan ng Panginoon.

Mga ama, huwag ninyong kagalitan nang labis ang inyong mga anak, at baka manghina ang kanilang loob.

Ang Salita ng Diyos!
B–Salamat sa Diyos!

Aleluya

B–Aleluya! Aleluya!

Kapayapaan ni Kristo at Salita n’yang totoo, nawa’y manahan sa inyo.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Lu 2:41-52

Inilalarawan ng ating Ebanghelyo ang pagkawala at pagkakatagpo kay Hesus sa Templo. Si Hesus ay 12 taong gulang na. Dapat na siyang maging Anak ng Kautusan. Sa gulang na 12 ay sinisimulang pasanin na ng isang lalaking Hudyo ang mga katungkulang ipinapataw ng Kautusan ni Moises. Ipinakita ni Hesus na higit na malalim ang pagkaunawa niya sa kanyang mga tungkulin.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Taun-taon, tuwing Pista ng Paskuwa, ang mga magulang ni Hesus ay pumupunta sa Jerusalem.

At nang labindalawang taon na siya, pumaroon sila gaya ng dati nilang ginagawa. Pagkatapos ng pista, sila’y umuwi na. Nagpaiwan si Hesus sa Jerusalem ngunit hindi ito napansin ng kanyang mga magulang. Sa pag-aakala ng isa na si Hesus ay kasama ng isa, nagpatuloy sila sa maghaponing paglalakbay. Nang malaman nilang hindi siya kasama, siya’y hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at kakilala.

Hindi nila siya matagpuan, kaya't bumalik sila sa Jerusalem upang doon hanapin. At nang ikatlong araw, natagpuan nila si Hesus sa loob ng templo, nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya sa kanila at nagtatanong; at ang lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha sa kanyang katalinuhan.

Nagtaka rin ang kanyang mga magulang, nang siya'y makita. Sinabi ng kanyang ina, "Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin? Balisang-balisa na kami ng iyong ama sa paghahanap sa iyo." Sumagot siya, "Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam na ako'y dapat na nasa bahay ng aking Ama?" Ngunit hindi nila naunawaan ang pananalitang ito.

Siya'y umuwing kasama nila sa Nazaret, at naging isang masunuring anak. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso. Patuloy na lumaki si Hesus. Umunlad ang kanyang karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpaka-sakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Hangad nating tupdin ang ating mga tungkulin bilang mga anak ng Diyos at kaanib ng isang mag-anak. Puno ng tiwala sa tulong ng Ama, ating sasambitin:

B – **Mapagmahal na Ama, dinggin Mo ang aming panalangin!**

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang ipamalalansila sa lahat ang pag-ibig at pangangalaga ng Diyos, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay lumago sila sa pagiging ulirang mga anak at mabubuting mga kapatid, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang itaguyod nila nang buong tapang ang mga karapatang pantao at ang mga simulaing magpapaunlad sa mag-anak na Pilipino, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong dumadanas ng kalungkutan sa pagiging kaanib ng mga mag-anak na hindi nagkasundo o tuluyan nang nawasak, upang lumakas ang kanilang mga loob at makaramdam sila ng saya, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito ng Banal na Mag-anak, upang tayo ay maging masigasig na tagapagtaguyod ng mga matagumpay at maligayang mag-anak, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Ama naming maunawain at mapagmahal, kasihan Mo kami ng Iyong Banal na Espiritu upang sa aming mga mag-anak ay mailarawan namin ang Banal na Mag-anak ni Maria, ni Jose, at ni Hesukristong Iyong Anak at aming Panginoon.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay, sa kapurihan niya

at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, sa pagganap namin sa hain ng pakikipagkasundo, kami nawa'y tuwangan ng Mahal na Birhen at ni San Jose sa aming pagdalangin para maging matatag ang mga mag-anak sa iyong kagandahang-loob at kapayapaan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** – Amen!

Prepasyo ng Pasko III

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sumilay sa amin ang pagkakataong makipagpalitang-handog sa iyo ngayon. Inako ng iyong maaasahang Anak ang pagkatao naming alangan at hamak. Kahit kamatayan namin ay kanyang natikman upang kami'y makasalo sa buhay na walang hanggan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Panginoong Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang Poong D'yos nating mahal ay nakitang nananahan dito sa lupang ibabaw. S'ya'y kaisa at kapisan ng buong sangkatauhan.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming iyong pinapakinabang sa piging na banal ay gawin mong

makapamuhay gaya ng Banal na Mag-anak. Matapos naming pangatawanan ang aming mga pananagutan sa lupang ibabaw, kami nawa'y makasalo sa kanilang kasiyahan sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (Manahimik saglit.)

Pagbuklurin nawa ng Panginoon ng Pagmamahal ang inyong mga pamilya sa kapa-

yapaan at paglilingkod sa isa't isa.

B– Amen!

P– Tulutan Niya nawa kayong magtulungan sa mga oras ng mga pagsubok.

B– Amen!

P– Pagkalooban Niya nawa kayo at inyong mga kapamilya ng mabuting kalusuga't maayos at banal na pamumuhay.

B– Amen!

P– Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalina at paglilingkuran ang mga miyembro ng inyong pamilya.

B– Salamat sa Diyos!

ANG UGAT NG MALIGAYANG MAG-ANAK

Hiwaga ang bumabalot sa isang mag-anak. Nang nilikha ng Diyos ang babae ay pinatulong niya ang lalaki. Ang pagtulog ay tanda ng hiwaga. Kaya ang ugnayan ng mag-asawa ay nababalot ng hiwaga. Pati na rin ang pagsilang ng anak ay tigib ng hiwaga. Hindi talaga napipili ang anak. Ito at inaabangan nang buong pananabik.

Nagpaiwan si Hesus sa Jerusalem nang walang pasabi sa kanila. Hindi ito naunawaan ni Maria. Kaya ang kanyang tanong ay: “Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin?” (Lucas 2:48) Ngunit ang pagkawala at pagkakatagpo kay Hesus sa Templo ay di lamang paglalarawan ng ugnayan sa mag-anak. Ito ay may kaugnayan sa pagiging Mesiyas ni Hesus at sa kaligtasan ng sanlibutan. Siya ay hindi lamang Anak ng Kautusan. Higit sa lahat

siya ay Anak ng Amang Makapangyarihan. Dahil dito ang una niyang tungkulin ay sa Diyos na kanyang Ama. Ang lahat ng kanyang kaugnayan sa mga nilalang, kahit sa kanyang Ina at kinikilalang ama ay pumapangalawa lamang. Sa harap ng mahiwagang sagot ng kanyang Anak ay walang nagawa si Maria kundi ingatan na lamang ang mga “bagay na ito... sa kanyang puso” (Lucas 2:51).

Maraming ulit na napapakamot na lamang ng ulo ang mga magulang sa sinasabi at ginagawa ng kanilang mga anak. Kahit sa pamamagitan nila nabigyan ng buhay ang mga batang ito ay balot pa rin sila ng hiwagang galing sa Diyos. Kaya ang mga anak ay tinatanggap nang buong paggalang.

Subalit ang mga anak din naman ay nahihiwagaan sa kanilang mga magulang. Kaya paano dapat pa-

sukin ang kahiwagaan ng mag-anak? Ang unang kinakailangan ay ang pananampalataya. Dapat maniwala ang bawat kaanib ng mag-anak na ang Diyos ang namili ng kanyang mga kapamilya. May magandang pakay ang Diyos sa pagbibigay ng mga taong kasama natin sa ating mag-anak. Ang ikalawang kinakailangan ay ang pag-asa. Walang taong ganap at walang pintas. Ngunit lahat ay may pagasang magbago at umayos. Ito ay hindi dapat kalimutan ng bawat kaanib ng mag-anak. Kaya dapat ay walang iwanan! Ang ikatlong kinakailangan ay ang pag-ibig. Ang dalisay na pag-ibig ay ang magmahal sa mahirap mahalina. May mga tao naman talagang madaling mahalina. Ngunit ang pag-ibig na iyan ay hindi subok. Sa isang mag-anak ay dapat ipamalas na ang pag-iibigan nila sa isa't isa ay dalisay at wagas.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Marketing:** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • **Circulation:** R. Saldua